8

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

Kuwarter 2

Aralin

5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Asignatura 8**
**Kuwarter 2: Aralin 5 (Linggo 5)**
**TP 2025-2026**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panunurang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Joel C. Malabanan, PhD (Philippine Normal Univeristy Manila)

**Tagasuri**:

- Evelyn M. Varron, Ph.D Philippine Normal Univeristy Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**FILIPINO/ KUWARTER 2/BAITANG 8**


| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ngmgatekstong pampanitikan sa Panahong ng pananakop ng Estados Unidos at tekstong impormasyonal (persweysib) para sapagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan para sa tiyak na layunin, pagpapakahuluganat target na babasa o awdiyens |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng video o animasyon na isinasalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ngkasanayan at pananagutan |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | • Nauunawaan ang tekstong persweysib gamit ang mga kasanayang pang- akademiko<br>• Natutukoy ang paksa, layon, at ideya sa teksto.<br>• Nakapagtatala ng mahahalagang impormasyon (pagtukoy sa ideya, paglalarawan ng sipi,paggalugad sa ba pang detalye, pag- aanalisa, at pagtataya ng mga mapanghikayat na salita at pahayag)<br>• Naipaliliwanag ang mahalagang ideya at detalye gamit ang diksyon, estilo, transisyonal at kohestiyong gramatikal at kaangkupan ng salita at ideya na nais iparating sa mambabasa<br>• Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento<br>• Naipaliliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal<br>• Naiuugnay ang mga element ng tekstong biswal sa pag- unawa sa teksto (panitikan at persweysib) |
| **D. Nilalaman** | Tekstong Persuweysib, Tekstong Biswal, Talumpati ni Manuel L. Quezon<br>Editoryal sa kasalukuyan at sa sa mga Repormista, Diaryong Tagalog |
| **E. Integrasyon** | Kamalayang Pangkomonidad, Pagkilala sa Katotohanan at Opinyon (Fake News) |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Almario, Virgilio S. (2019) Si Corazon Bilang Makata ng Buhay https://josecorazondejesus.home.blog/si-corazon-bilang-makata-ng-buhay/<br>Alunan, Merlie (2016) Hinugpong nga panurat nga Winaray. https://tinalunay.wordpress.com/2016/07/11/teaching-literature-in-the-mother-language/ |

Balangiga 1901 music album (2003) Various Artists https://archive.org/details/VA-Balangiga1901
Barcelona, Noel S. (2009) Aurelio Tolentino and His Play Kahapon, Ngayon, at Bukas https://www.bulatlat.com/2009/05/16/aurelio-tolentino-and-his-play-kahapon-ngayon-at-bukas/
Bituin, Gregorio V. (2017) Digmaang Pilipino Amerikano: Gen. Luciano San Miguel Highway https://digmaangpilipinoamerikano1899-1913.blogspot.com/2017/02/ilang-saliksik-hinggil-kay-heneral.html
Filipino Librarian (2009) Wikang Pambansa https://filipinolibrarian.blogspot.com/2009/08/talumpati-manuel-l-quezon-wikang.html
Franzen, Bea Rodriguez (2019) Confronting racism in America: past, present and future https://ncclinked.com/2019/04/16/confronting-racism-in-america-past-present-and-future/
Jacinto, Emilio (2022) Kartilya ng Katipunan https://www.philippinemasonry.org/kartilya-ng-katipunan.html
Lumbera, Bienvenido (1997) Philippine Literature (Revised Edition) Immaculate Conception Print House, Malolos City
Maceda, Teresita Gimenez (1996) Mga Tinig Mula sa Ibaba. UP Press and UP Center for Integrative and Development Studies,
Malabanan, Joel C (2022) Speak in English Zone https://www.youtube.com/watch?v=IvHcwZfc8BM
National Library of the Philippines (2024) Sino si Apolinario Mabini? https://web.nlp.gov.ph/
One Ph. (2021) Bilog Ang Balita: Pagkamatay ni Apolinario Mabini https://www.youtube.com/watch?v=9tvjfEMn0rk
Peace, Conflict Resolution and Human Rigthts Program, Diliman, Quezon City
Philippine Trivia (2020) Trivia about Luciano San Miguel https://philippine-trivia.com/trivia-about-luciano-san-miguel/
Project Saysay (2024) Apolinario Mabini https://www.instagram.com/p/C66DLwVtESV/
Salvador, Mark Anthony (2020) Pangil ng Misedukasyon https://www.rappler.com/voices/ispeak/opinion-the-fangs-of-miseducation/
Sanaysay (2023) Tekstong Pesuweysib https://www.sanaysay.ph/tekstong-persuweysib/


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**A. Pagkilala sa Katotohanan at Kasinungalingan**<br><br>Isulat sa patlang ang salitang katotohanan kung ang impormasyong nakatala ay totoo. Kung hindi, palitan ang salita o mga salitang may salungguhit. Isulat sa patlang ang tamang sagot.<br><br>1. Si Apolinario Mabini ay ipinanganak sa lalawigan ng <u>Cavite.</u><br>2. Sinulat niya ang "Ang Tunay na Sampung Utos" noong <u>1903</u>.<br>3. Sakit na <u>polio</u> ang dahilan ng pagkalumpo ni Mabini.<br>4. Noong 1898, si Mabini ay naging <u>tagapayo</u> ni Emilio Aguinaldo.<br>5. Ipinanganak si Mabini noong <u>1864</u>.<br>6. Pumanaw si Mabini noong <u>1903</u>. | **Mga Tamang Sagot:**<br><br>1. Batangas<br>2. 1898<br>3. katotohanan<br>4. katotohanan<br>5. katotohanan<br>6. katotohanan<br>7. Guam<br>8. Unibersidad ng Sto. Tomas<br>9. katotohanan<br>10. dula<br><br>Tuon ng Paliwanag sa Tekstong Biswal |

7. Dahil tumangging manumpa ng katapatan sa Amerika, ipinatapon siya bilang exile sa Hongkong.
8. Nagtapos ng abogasya si Mabini sa Colegio de San Juan de Letran.
9. Si Mabini ay naging mag-aaral ng gurong paring si Valerio Malabanan
10. Musikal na pelikula ang" Mabining Mandirigma."



**Ama ng Wikang Pambansa**

Manuel Luis Quezon

Ipinanganak si **Manuel Luis Quezon** noong **Agosto 19, 1878** sa Baler, Tayabas (ngayon ay nasa lalawigan na ng Aurora). Ang kanyang mga magulang ay parehong guro at nakapag-aral siya ng abogasya sa Unibersidad ng Sto. Tomas. Pansamantala siyang nahinto sa pag-aaral nang magsimula ang Digmaang Pilipino Amerikano noong 1899 at nang maging tauhan siya ni Gen. Emilio Aguinaldo.

Nagpatuloy siya sa pag-aaral sa UST noong 1903 ay naging ganap na abogado. Taong 1906 nang maging gobernador siya ng Tayabas. Naging kasapi siya ng Philippine Assembly mula 1907 hanggang 1909 at nakatulong sa pag-uuwi sa Pilipinas ng **Batas Jones**, ang unang batas na tungkol sa pagpapalaya sa Pilipinas. Naging Senate President siya noong 1935 at sa halalan sa pagkapangulo ng Commowealth Government ay tinalo niya si Emilio Aguinaldo.

Bilang pangulo ng bansa noong 1935, isa sa una niyang naging programa ay ang pagbubuo ng Surian ng Wikang Pambansa na magtatakda ng Pambasang Wikang gagamitin sa Pilipinas. Noong Disyembre 30, 1937 ay nilagdaan niya ang **Executive Order No. 13**4 na nagtatakda sa **Tagalog** bilang Pambansang Wika. Noong **1959** ay tinawag na **Pilipino** ang Pambansang Wika at naging **Filipino** noong 1987. Kinilala si Quezon bilang Ama ng Wikang Pambansa dahil sa kanyang paghahangad na mapagkaisa ang mga Pilipino gamit ang sariling wika, sa halip na English.

Namatay si Quezon sa Saranac Lake, Franklin Country, New York noong **Agosto 1, 1944** sa edad na 66 habang ang Pilipinas ay sakop pa ng mga Hapon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

**B. Pidbak:** Bakit kinikilala si Apolinario Mabini bilang Dakilang Lumpo?

**C. Pagsusuri sa Tekstong Biswal**

Suriin ang Tekstong Biswal tungkol kay Manuel L. Quezon sa ibaba pagkatapos ay sagutin ang mga tanong:

1. Bakit kinikilala si Manuel L. Quezon bilang "Ama ng Wikang Pambansa"?
2. Ano ang pagkakatulad ng Tagalog, Pilipino at Filipino bilang wika? Ano

Kinilala si Quezon bilang Ama ng Wikang Pambansa dahil sa kanyang adbokasiya na magkaisa ang mga Pilipino gamit ang isang wikang malaganap na naiintidihan ng marami.

Napili ang Tagalog bilang pambansang wika noong 1937 sapagkat ito ang wika sa Maynila na sentro ng pamahalaan, madali itong matutuhan at maunawaan, isa ito sa wika sa bans ana may mayamang talasalitaan at malaganap itong ginagamit. Kung tutuusin noong panahong iyon ay posibleng mas marami ang nagsasalita ng Cebuano sa Bisayas at sa Mindanao ngunit hindi naman ito ang wika ni Quezon.

Ang Tagalog, Pilipino at Filipino ay iisang wika. Pulitikal ang dahilan kung bakit binago ang tawag dito. Ganun pa man, may mga salita sa Tagalog na hindi nagagamit sa kinilalang wikang Filipino sa kasalukuyan. Ipinapalagay na ang Tagalog ay ang wika sa mga lalawigan ng Southern Tagalog gaya ng Cavite, Laguna, Quezon, Batangas, Rizal, Mindoro, at iba pang lalawigan gaya ng Bulacan at Nueva Ecija. Ang Pilipino naman ay ang wikang Pambansa mula 1959 hanggang 1986 kasama ang mga impluwensiya ng Espanyol. Ang Filipino naman ay ang pambansang wika mula 1987 hanggang sa kasalukuyan kasama ang impluwensiya ng English.

naman ang pagkakaiba?

Ganun pa man, ang Tagalog, Pilipino at Filipino ay iisang wika pa rin na umunlad at yumabong sa paglipas ng mahabang panahon. Sa Disyembre 30, 2037 pa gaganapin ang pagdiriwang sa ika-100 taon ng Pambansang Wika.

## IKALAWANG ARAW

### Tekstong Persuweysib Tungkol kay Heneral Luciano San Miguel

Tekstong nanghihikayat ang Tekstong Persuweysib. Basahin ang sumusunod na sanaysay at tingnan kung mahihikayat kang tanggapin ang nilalaman nito:

GEN. LUCIANO SAN MIGUEL HIGHWAY
ni Jun Panganiban Austria
(https://digmaangpilipinoamerikano1899-1913.blogspot.com/2017/02/ilang-saliksik-hinggil-kay-heneral.html )

***Maghanap ng larawan ni Heneral Luciano San Miguel***

(Kinuha mula sa https://philippine-trivia.com/trivia-about-luciano-san-miguel/#google_vignette)

MATAGAL na panahong itinago sa atin ng kolonyal na edukasyon ng mga Amerikano ang kabayanihan ng maraming Pilipinong nagbuwis ng buhay sa ngalan ng kalayaan. Inakala ng maraming Caviteño na si Gen. Emilio Aguinaldo na ang pinakadakilang bayaning naimbag ng lalawigan ng Cavite sa ngalan ng pakikipaglaban para sa kalayaan. Bukod kay Gen. Julian Montalan at Col. Cornelio Felizardo, isa sa dapat nating dakilain at bigyan ng wastong pagkilala at pagdakila ay si Gen. Luciano San Miguel.

Maaaring panoorin ang video tungkol kay Gen. Luciano San Miguel sa https://www.youtube.com/watch?v=U_jE-qu2ADk

*Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin.*

Noong Ika-28 ng Marso, 1903, kasama ang may 200 tauhan ay nagbuwis ng buhay si Gen. Luciano San Miguel sa madugong sagupaan sa Corral na Bato, Antipolo, Rizal laban sa pwersa ng mga mananakop na Amerikano na sinuportahan ng mga sundalong Macabebe. Marangal na nakipaglaban si Gen. San Miguel at pinatunayan ang kanyang pagiging tunay na Katipunero hanggang sa huling patak ng kanyang dugo ("Bandoleros" ni Ochosa p.45).

Kabaliktaran naman ito nang ginawa ni Gen. Emilio Aguinaldo na matapos mahuli ng mga Amerikano noong Marso 23, 1901 sa Palanan, Isabela (sa tulong rin ng mga sundalong Macabebe ) ay agad nangampanya sa mga rebolusyunaryong patuloy na lumalaban na magsisuko na rin sa mga Amerikano.

Kung multong patuloy na isinusumbat ng kasaysayan sa pagkatao ni Gen, Emilio Aguinaldo ang pagkamatay nina Andres Bonifacio noong Mayo 10, 1897 at ni Gen. Antonio Luna noong Hunyo 5, 1899, kadakilaan naman ang pinatunayan ni Gen. Luciano San Miguel nang buhayin nito ang Katipunan at magtangkang ipagpatuloy ang rebolusyon laban sa Amerika noong panahong karamihan sa mga pinuno ng pag-aaklas ay tumalikod na sa paghahangad ng kalayaan.

Ipinanganak si Gen. Luciano San Miguel noong Enero 7, 1875 sa Noveleta, Cavite. Siya ang panganay at nag-iisang anak na lalake ng mag-asawang Regino San Miguel at Gabriela Saklolo. Nakapagtapos siya sa Ateneo de Manila at nakahanda nang magpakasal sa kasintahan niyang si Maria Ongcapin nang pumutok ang himagsikan noong 1896 kung kaya sa edad na 21 taong gulang ay sumapi siya sa pangkat ng mga Magdiwang sa Noveleta na kinabibilangan nina Artemio Ricarte, Diego Mojica at Mariano Alvarez. Nabigyan ng ranggong Colonel si San Miguel at namuno sa pakikipaglaban ng mga Katipunero sa Nasugbu, Batangas . Ika-25 ng Marso, 1897 nang sumanib si San Miguel sa pangkat nina Gen. Artemio Ricarte at Gen. Emilio Aguinaldo sa Imus upang salakayin ang mga Kastila sa Cavite Viejo at San Francisco Malabon. Hindi naisakatuparan ang pagsalakay subalit nang sinundang araw ay pinamunuan ni San Miguel kasama ang mga tauhan ni Andres Bonifacio at Gen Julian Montalan ang mga sundalong Kastila sa barrio Bacao, San Francisco de Malabon.

Nang isuko ng mga Magdalo ang pakikipaglaban sa mga Kastila kay Gobernador Heneral Primo de Rivera noong Disyembre, 1897 ay ipinagpatuloy pa rin ni Gen Luciano San Miguel ang pakikipaglaban. Pinamunuan niya ang pangkat ng mga rebolusyunaryo sa Gitnang Luzon hanggang nang muling magbalik si Gen.

Aguinaldo upang ipagpatuloy ang pakikipaglaban sa mga Kastila. Tauhan ni Gen. San Miguel ang unang napatay sa tulay ng San Juan nang sumiklab ang digmaang Pilipino-Amerikano noong Ika-4 ng Pebrero, 1899. Ipinagpatuloy ni Gen. Luciano San Miguel ang pakikipaglaban sa mga Amerikano kahit pa isa-isa nang nagsisuko ang mga pinuno ng rebolusyon gaya nina Gen. Emilio Aguinaldo, Gen. Vicente Lukban at Gen. Miguel Malvar.

Binuo ni Gen. San Miguel ang "Bagong Katipunan" magmula 1902 na naglalayong ipagpatuloy ang pakikipaglaban sa mga Amerikano hanggang sa makamit ang kalayaan. *Bandolero* o tulisan ang itinawag sa kanya ng mga Amerikano. Magiting niyang ipinagpatuloy ang pagpapalaya ng bayan kahit pa karamihan sa mga datihan niyang kasama ay nagsisuko na at nakipagsabwatan na sa mga Amerikanong mananakop. Kasabay ng kanyang pakikipaglaban ang iba pang bayaning itinago ng mga *history books* na sinulat ng mga Amerikano gaya ng kabayanihan nina Macario Sakay, Felipe Salvador at ng dalawa pang Caviteñong sina Gen. Julian Montalan (na taga-Gen. Trias) at si Col. Cornelio Felizardo (na taga-Aniban, Bacoor. Sumapit ang wakas ng pakikipaglaban ni Gen. Luciano San Miguel noong Ika-28 ng Marso, 1903.

Habang nagsasalimbayan ang putok ng baril at isa-isang nanlalagas ang mga tauhan ni Gen. Luciano San Miguel ay narinig siyang sumisigaw nang ***"Ialay ang buhay para sa Inang Bayan! Ang kalayaan ay ang tunay na kaligayahan at karangalan"!*** Tatlong bala ang sunud-sunod na tumama sa kanyang katawan at kumitil sa magiting na Caviteñong heneral. Nang ang punit-punit at tadtad ng balang watawat ng Katipunan ay natagpuan ng mga sundalong Amerikano ang iba't ibang kasulatan na nag-uugnay sa paghihimagsik ni Gen. San Miguel at ng mga taga-suporta niya sa Maynila ("A Past Revisited", Constantino p.259)

Marahil, kung tulad ni Gen. San Miguel ay namatay sa digmaan si Gen. Emilio Aguinaldo ay walang dudang siya na ang kikilalaning pambansang bayani ng kasalukuyang henerasyon. Subalit ang ginawa ni Gen. Aguinaldo na pagsuko sa mga Kastila sa Kasunduan sa Biac na Bato noong Disyembre 14, 1897 na inulit niya sa mga Amerikano noong Marso 23, 1901 ang nagpapababa sa kanyang pedestal bilang bayani. Ang kanyang pagdalo sa "Araw ng Kalayaan" noong Oktubre 14, 1943 "kalayaang" ipinagkaloob ng mga Hapones ay ang pangatlong pagkakataon ng kanyang pakikipagsabwatan sa mga dayuhan. Malayung malayo ang kabayanihan ni Gen. Luciano San Miguel sa naiambag ng Unang Pangulo ng Republika ng

| | | |
|---|---|---|
| | Pilipinas. Hindi kaya panahon nang kilalanin si Gen Luciano San Miguel at panahon na ring ipangalan sa kanya ang mahabang kalsadang tumatagos mula Coastal Road hanggang sa may boundary ng Tagaytay at Nasugbo? Maligayang paglalakbay sa Gen Luciano San Miguel Highway! | |
| **D. Paglalahad ng Layunin** | **IKATLONG ARAW**<br><br>**Pagsagot sa mga Susing Tanong**<br><br>1. Bakit hindi naituturo sa kasalukuyan ang kabayanihan ni Gen. Luciano San Miguel?<br>2. Sang-ayon ka ba na dapat ipangalan na sa kanya ang Aguinaldo Highway? Ipaliwanag.<br>3. Bakit maituturing na ang nasabing akda ay tekstong persuweysib?<br><br>**Panghikayat na Gawain**<br>Alam Ko Ito!<br><br>Pagtukoy Isulat sa patlang ang tinutukoy sa bawat bilang.<br><br>________________________ 1. Ito ang eksaktong petsa nang magsimula ang Digmaang Pilipino-Amerikano<br>________________________ 2. Ito ang itinatag na pangkat ni Luciano San Miguel upang palayain ang Pilipinas sa mga Amerikano.<br>________________________ 3. Sila ang mga Pilipinong tumulong sa mga Amerikano upang matalo ang pwersa ni Gen. Luciano San Miguel.<br>________________________ 4. Sa lugar na ito napatay si Gen. Luciano San Miguel.<br>________________________ 5. Sa lugar na ito nadakip ng mga Amerikano si General Emilio Aguinaldo.<br>________________________ 6. Sa lugar na ito ipinanganak si Gen. San Miguel. | Naitago ng mga Thomasites sa kamalayan ng mga Pilipino ang kabayanihan ni Gen. Luciano San Miguel. Sa mahabang panahon, hindi natalakay sa paaralan ang kadakilaan ng mga bayaning nagbuwis ng buhay upang mapalaya ang Pilipinas sa Amerika magmula 1899 hanggang 1935.<br><br>Sa Matatag Curriculum ng DepEd, panahon nang makilala ang mapagpugayan ang kabayanihan nina Macario Sakay, Luciano San Miguel, Felipe Salvador, Ruperto Rios, Dionisio Magbuelas, Julian, Montalan, Cornelio Felizardo, Teodoro Asedillo at marami pang iba.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. Pebrero 4, 1899<br>2. Bagong Katipunan<br>3. Macabebe |

| | | |
|---|---|---|
| | ________________________ 7. Sa Kasunduang ito isinuko ni Gen. Aguinaldo ang rebolusyon laban sa mga Kastila.<br><br>________________________ 8. Ito ang Araw ng Kalayaan natin sa mga Amerikano na idineklara ng mga Hapon.<br><br>________________________ 9. Ito ang tawag ng mga Amerikano sa mga Pilipino lumaban sa kanila na katumbas ng tulisan.<br><br>________________________10. Siya ang naging "pangulo" ng Pilipinas matapos madakip si Gen. Aguinaldo.<br><br>**Panitikang Rehiyunal sa Panahon ng mga Amerikano**<br><br>**Panitikang Rehiyunal** ang tawag sa mga akdang nasusulat sa iba pang rehiyunal na wika sa Pilipinas. Sa panahon ng mga Amerikano, isang awiting Waray ang naging tagapagsalaysay sa naganap na Balangiga Massacre sa Samar noong Setyembre 27, 1901. Bago ang masaker, 54 na sundalong Amerikano ang napatay sa sorpresang pag-atake ng pwersa ni<br><br>Capitan Valeriano Abanador ng Balangiga. Para sa mga Amerikano, ang masaker ay ang pagkamatay ng kanilang mga sundalo. Ngunit para sa mga Pilipino, ang naganap ay ang tagumpay ng mga Pilipino laban sa mga mananakop.<br><br>Ang tunay na masaker ay ang pagganti sa mga Amerikanong sa pamumuno ni Gen. Jacob Smith na nag-utos sa kanyang mga sundalo na barilin ang lahat ng mamamayang higit sa sampung taong gulang.<br><br>Naging madugo at walang awa ang pagpaslang sa mga bata, matanda, babae, lalaki na naging dahilan kung bakit umabot sa 2,500 ang namatay. Kinuha pa ng mga Amerikano ang tatlong kampana ng simbahan ng Balangiga bilang war trophy.<br><br>Noong 2018, pagkatapos ng 117 taon ay ibinalik na rin ng Amerika sa Balangiga ang mga kinuha nilang kampana. Subalit ang awit na naglalarawan ng naganap sa Balangiga noong 1901 ay inaawit pa rin hanggang sa kasalukuyan. May bersyon nito ang bandang Juan dela Cruz nina Mike Hanopol, Pepe Smith at Wally Gonzales na lumabas noong 1983. Noong 2003 ay inilabas naman ng bandang | 4. Corral na Bato, Antipolo, Rizal.<br>5. Palanan, Isabela<br>6. Noveleta, Cavite<br>7. Biac na Bato<br>8. Oktubre 14, 1943<br>9. Bandolero<br>10. Gen. Miguel Malvar |

Campo Xanto ang bersyon nila kasama ng Balangiga 1901 music album na mapapakinggan sa https://archive.org/details/VA-Balangiga1901 .

Inday, Inday Nakain Ka

Inday, Inday, nakain ka
Han kasunog han munyika?
Pito ka tuig an paglaga,
An aso waray kitaa.

Di ak nahuhulop ha tiyempo amihan.
Damo an sundalo nga pagpipilian.
An pipilion ko an binansilan
Kay maopay ini pagburubag-iran.

Di ak' nagtatangis, di ak' nagtatangis
Han kawaray dirig. An igintatangisan ko
An kawaray dirig Ini nga lawas ko
Nangingibig-kibig,
Baga gud an bata
Nagpurupulilid.

**A. Paghahawan ng Bokabularyo**

**Pagtatapa-tapat.** Ang mga salitang makikita sa Hanay A ay mula sa Ang Tunay na Sampung Utos ni Apolinario Mabini. Piliin sa Hanay B ang pinakamalapit na kasingkahulugan ng mga salita sa Hanay A at isulat sa patlang ang sagot.

| | |
|---|---|
| ________ 1. angkan | A. paslangin kaugnay ng pagtatanggol sa sarili |
| ________ 2. habilin | B. sariling pagkilala sa tama at mali |
| ________ 3. ikasusulong | C. dangal na dapat alagaan at ipagtanggol |
| ________ 4. katuwiran | D. kaharian na komokontrol sa kolonya |
| ________ 5. konsyensya | E. bayani na dapat tularan ng lahat |

**Mga Tamang Sagot:**

1. G
2. H
3. I
4. K
5. B
6. A
7. D
8. L

| | | |
|---|---|---|
| | ________ 6. lipulin<br>________ 7. monarkiya<br>________ 8. palaluin<br>________ 9. paraiso<br>________10. puri<br><br>F. pinili at magandang lugar para sa Pilipino<br>G. pamilya na kumukontrol sa pamahalaan<br>H. payo para sa sambayanan<br>I. pag-unlad tungo sa kagalingan<br>J. mananakop na mapang-alipin<br>K. tama at makatarungan<br>L. higit na pagpapahalaga sa kapwa | 9. F<br>10. C |
| **B. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKATLONG ARAW**<br><br>Kaugnay na Paksa 1: **Sino si Apolinario Mabini?**<br><br>(ang larawan ay mula sa https://web.nlp.gov.ph/)<br><br>**Paglalapat at Pag-uugnay Gamit ang Tekstong Persuweysib**<br><br>Pag-aralan ang pagsusuri sa dulang musikal na "Mabining Mandirigma" na unang itinanghal sa CCP noong 2016. Isa itong halimbawa ng Tekstong Pesuweysib.<br><br>Pagsusuri sa Dulang Musikal na "Mabining Mandirigma"<br>ng Tanghalang Pilipino<br>Joel Costa Malabanan Ika-27 ng Pebrero, 2016<br><br>Ang Steam Punk bilang Lunsaran ng Pagtatanghal<br><br>Kakaiba at malikhain ang disenyong pamproduksyon na aking nasaksihan sa Tanghalang Aurelio Tolentino sa CCP kanina kasama ang aking asawa at anak na si Rajah. Mula pa ito sa set design ni Toym Imao na isang mahusay na iskultor, pintor at multi-media visual artist. Kaya pala sa lobby ng CCP ay naroon din ang isang eksibit ng kanyang mga likha. Post-stucturalism at post-modern ang atake ng kanyang obra na nakatulong upang maging kaakit-akit ang entablado para sa pagtatanghal ng "Mabining Mandirigma". Ang steam punk ay nagmula sa konsepto ng Amerikanong science fiction writer na si Kevin Wayne Jeter at nabuo noong 1980. Binibigyang diin nito ang paggamit ng disenyo naglalarawan ng industrial revolution noong ika-18 siglo. Ang ganitong estilo ay makikita sa disenyo ng entabladong likha ni Imao na animo isang loob ng makinang ang mga piyesa ay gumagalaw at umiikot. | Mapapanuod ang maikling video tungkol kay Apolinario Mabini sa https://www.youtube.com/watch?v=9tvjfEMn0rk |

| | | |
|---|---|---|
| | Ang orasan sa gitna ng entablado ay nagsilbing daluyan ng mga historical events kaugnay ng buhay ni Mabini.<br><br>Kapuri-puri ang kapangahasan ng set design hanggang sa mga kostyum na ginamit ni James Reyes upang bigyang buhay ang mga eksena. At ang bahaging punk ng pagtatanghal ay ang pagkalas sa nakagawiang tradisyon ng paglalarawan ng mga pangyayari batay sa aktuwal na kasuotan ng mga tao sa inilalarawang panahon. Sa halip na animo sepia na kulay at kasuotan sa panahon ng mga Kastila at Amerikano, gumamit ang dula ng itim na kasuotan para ilarawan ang maitim ding hangarin ng mga makasariling Pilipinong kinakatawan nina Pedro Paterno, Felipe Buencamino at Felipe Calderon.<br><br>Lumitaw na ang puting kasuotan ni Mabini ay simbolismo ng malinis niyang hangarin para sa bayan. Umangkop ang genre ng steam punk sa pagtatanghal sapagkat ang malikhaing dekonstruksyon ay nakaaakit sa manunuod gaya rin ng eksibit ni Toym Imao sa lobby ng CCP na nagtulak sa anak kong si Rajah na magtanong kung bakit may nagpapalipad ng saranggola sa ulo ni Marcos.<br><br>Sa kabilang banda, ang ganitong estilo ng steam punk design ay maaring magdulot ng kalituhan sa mga manunuod lalo pa kung hindi naman nila batid ang kasaysayan. Sapagkat ang mga malikhaing disenyong malayo sa reyalidad ng buhay ay maaaring maging sagabal sa pag-unawa sa daloy ng kuwento sa buhay ni Mabini. Bagamat ang diyalogo ng dula ang bumubuhay sa dula, ang isang historical na akda ay inaasahang magtatangkang ipakita sa manunuod ang tunay na larawan ng lipunang ginalawan ni Mabini.<br>Sa kaso ng "Mabining Mandirigma", natugunan naman nito ang pagkauhaw ng mga manunuod sa kakaibang set design at atake sa paglalahad na bahagi ng genre ng steam punk. At masasabing naging komplemento rin ito sa paglalarawan ng kaisipan ni Mabini na sumasalungat rin sa daloy ng pag-iisip ng mga nakapaligid na persona sa pamamahala ni Aguinaldo.<br><br>Ang Mga Mahahalagang Diyalogo<br><br>"Mahirap Mag-isip Bilang Pilipino" – ang pagkakaiba-iba ng lahing pinagmulan ng mga Pilipino ay may epekto sa pagkakawata-watak din ng prinsipyo ng mga tao sa panahon ni Mabini. Ipinakitang konsistent ang karakter ni Aguinaldo sa pelikulang "Heneral Luna" na napangingibabawan ng mga Pilipinong inuuna ang pansariling interes bago ang bayan. Sa kasalukuyan, papaano nga ba isusulong ng bawat Pilipino ang interes ng bayan sa gobyernong ang prayoridad ng edukasyon ay labor-export policy?<br>"Papaano ibibigay ang kapayapaan kung inagaw ang kalayaan sa pamamagitan ng dahas?" - ang benevolent assimilation ni Mc Kinley ay tunay na mapanlinlang. Nagtangka ang dula na ipakita ang kalupitan ng mga Amerikano sa maiikling sayaw na sumasagisag sa pagpatay, panggagahasa at pagsasamantala ng mga Amerikano. Totoong ang mga Thomasites ay | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>Pangungumbinsi at panghihikayat ang pangunahing layunin ng Tesktong Persuweysib. Kahit ang mga Tekstong Biswal gaya ng mga patalastas sa telebisyon ay maituturing din na Tekstong Persuweysib sapagkat hinihikayat nito na ang manunuod na tangkilikin o bilhin ang isang particular na produkto.<br><br>Mababasa ang sanaysay sa Tekstong Pesuweysib sa https://www.sanaysay.ph/tekstong-persuweysib/<br><br>Maaaring ipapanuod sa mga bata ang bahagi ng dulang |

| | | |
|---|---|---|
| | naparito upang turuan ang mga Pilipino ngunit naitago nila sa kamalayan ng ating mga ninuo ang kalupitan ng Balangiga Massacre noong 1901 at Bud Dajo Massacre noong 1906 kung saan daang bata at matanda ang pinaslang ng mga Kano.<br><br>“Buhay pa ang himagsikan kaya maaga pa upang ipagdiwang ang kanyang kamatayan” – Ito ang sinabi ni Mabini kina Paterno at Bencamino noong hinihikayat siya ng dalawa na tanggapin ang awtonomiyang iniaalok ng mga Kano. Hindi nabanggit sa dula na sa pakikibaka ni Heneral Luciano San Miguel sa mga Amerikano noong 1903 ay si Mabini ang kinikilalang tagapayo ni San Miguel. Napatay si Heneral Luciano San Miguel noong March 28, 1903 sa Battle of Corral na Bato kung saan kasamang nasawi ang may 200 niyang tauhan (Ochosa, 1982). Ang diyalogong ito ay angkop pa rin sa panahong ito ng pakikibaka sa korapsyon na binaggit din naman sa dulo ng dula.<br><br>“Ang batas ng dahas ay batas ng gubat!” – bahagi ito ng pahayag ni Mabini sa fictional character na si “Pepe”. Parang si “Pepe” ay si “Joven” na simbolismo ng kabataan sa nobela. Ang karahasan ng mga Amerikano ay manipestasyon ng kanilang asal-hayop na pakikitungo sa ating lahi. Bago napasuko si Heneral Miguel Malvar noong 1902 ay minasaker din ng mga Kano ang mga Batangueno na nagtulak kay Malvar na sumuko. Kung ang lipunan sa kasalukuyan ay isang gubat na pinamamahalaan ng mga buwaya sa gobyerno, hindi ba dahas din ang dapat igawad sa kanila upang makamit ang katarungan?<br><br>“Ang di nakamit sa dahas, daanin sa batas” – Inakala ni Mabini na tapos na ang digmaan. Dahil sa namatay siya noong Mayo 1903, hindi niya inabot ang pakikibaka nina Macario Sakay na binitay noong Setyembre 7, 1907 at ni Felipe Salvador o “Apo Ipe” na binitay naman noong Abril 12, 1892. Ang parliyamentaryong pakikibaka ay nagtagal pa bago nagkaroon ng resulta noong 1935. At sa panahon ng Commonwealth, ang mga lider na nahubog mula sa edukasyon ng mga Kano gaya nina Quezon, Osmena at Roxas ay hindi naman talaga naghahangad ng paglaya dahil sa kanilang mga negosyong pinoprotektahan na walang ipinagkaiba sa imahe nina Buencamino at Paterno.<br><br>“Digmaa’y tapos na sa kanayunan” – Hindi natapos ang digmaan sa kanayunan pagkatapos ng pagsuko ni Malvar. Itinago sa atin ng mga Thomasites ang kadakilaan nina Teodoro Asedillo, Ruperto Rios, Dionisio Magbuelas, Julian Montalan, Cornelio Feizardo at marami pang iba. Isa ito sa mga sablay na diyalogo ng iskrip dahil alam ni Mabini na nakikipaglaban pa ang mga kagaya ni Heneral Luciano San Miguel at maging si Gen. Arthur Mac Arthur ay nagulat nang mabatid na katatapos pa lamang ni Mabining manumpa ng katapatan sa Amerika ay nakikipag-ugnayan na agad ito sa mga rebelde.<br><br>At lalong hindi angkop ang diyalogong nabanggit sa kasalukuyan sapagkat ang pakikibaka ay nagpapatuloy pa rin laban sa mga naghaharing uri sa lipunan. | musical na “Mabining Mandirigma” sa<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=bv6M99aKvfw |

"Mahalin mo ang Pilipinas nang higit sa iyong sarili" – Isa ito sa pinakamakabuluhang mensahe ng "Mabining Mandirigma" na marahil ay halaw sa Dekalogo ni Mabini. Kung ang lahat lamang sanang pinuno ng bansa ay may ganitong pananaw, baka maunlad na ang Pilipinas at hindi na kailangang pang magpaalipin sa mga dayuhan bilang OFW.

"Mapait na sumpa ang maging mangmang!" – Bahagi ito ng pakikipag-usap ni Mabini sa kanyang paghahangad na matuto. Hindi masyadong nabigyang pansin ang papel ni P. Valerio Malabanan na isa sa mga unang gurong Pilipino na nakaimpluwensiya sa maraming kabataan. Katunayan ay binanggit din siya ni Rizal bilang guro ng karakter na si Placido Penitente sa El Filibusterismo. Marahi ay isang pananaliksik ang dapat gawin upang mabigyan ng hiwalay na stage play si P. Valerio Malabanan.

Totoong mapait na sumpa ang kamangmangang dulot ng relihiyon sa panahon ni Mabini na umiiral pa rin sa panahong ito ng 21st century skills. Isipin na lamang ang kamangmangan ng ilang kabataan ngayong naghahangad ng Batas Militar at umiidolo kay Marcos gayong hindi naman nila aktuwal na naranasan ang panahon ng diktaturya? Totoong sumpa ang kamangmangan ng ating mga kababayan na pinapahintulutan pang magwagi sa eleksyon ang mga nangulimbat ng yaman ng bansa.

Mga Obserbasyon sa Iskrip, Pagganap at Musika

Tunay na siksik ang pananaliksik ng iskrip na likha ni Dr. Nicanor Tiongson. Matalas ang mga diyalogo na nanunumbat pa rin sa kasalukuyang panahon. Mahusay rin ang musikang likha ni Joed Balsamo. Bilang isang musikero rin, kahanga-hanga ang paglikha niya ng melodiyang angkop sa panahon at mensahe ng liriko. Mahusay rin ang direksyon ni Chris Millado bagamat mas mainam kung nasa unang bahagi ang eksena ng pananaginip ni Mabini at pakikipag-usap niya kay del Pilar. Hulyo 4, 1896 nang mamatay si Marcelo H. del Pilar sa Barcelona Spain at sa tingin ko ay mas mainam na sa bandang una ito inilagay bilang bahagi ng pagbibigay iskema sa manunuod hinggil sa background ni Mabini. Ganun pa man, malamang ay bahagi ito ng artistic license ng director.
Ang pagganap ng mga artista, lalo pa si Bb. Liesl Batucan ay kahanga-hanga. Mahirap ang umarte sa entablado ngunit mas mahirap kung may kasamang pag-awit. Mahusay rin ang gumanap na Aguinaldo na si Arman Ferrer (sa aking napanuod) at kahit ang papel nina Jonathan Tandioan, Marco Viana at JV. Ibaste bilang sina Buencamino, Calderon at Paterno. At mahusay rin si Aldo Vencilao na una kong napanuod sa "Buwan at Baril". Tunay na kahanga-hanga ang mga artistang ito na bahagi ng pagsasanay at paggabay ni Tatang Nanding Josef.

Ang ganitong pagtatanghal ay dapat na napapanuod ng maraming Pilipino. Gaano karami sana ang makakapanuod kung ang P57,750.00 tiket sa concert ni Madonna ay ginamit na lamang sa panunuod ng "Mabining Mandirigma"? Ang pagkabaliw ng marami sa musikang

dayo tulad ng musika ni Madonna ay produkto ng Amerikanisasyon sa ating lahi sa hiling 100 taon.

Nasayang ang talino ni Pedro Paterno na isa sa mga unang pripagandista at lumikha ng unang nobelang Pilipino noong 1885 na pinamagatang "Ninay". Malikhain ang pagtatangka ng dula na ipakitang maging ang talino ni Paterno sa pagsulat ay ginamit niya sa paglikha ng mga pagtatanghal na maka-Amerikano.

At tama ang dula sa pagpapahayag nito sa katapusan na marami pa ring Paterno, Buencamino at Calderon sa kasalukuyan. Ang kahinaan ni Aguinaldo bilang lider ay masasalamin din natin sa kasalukuyang pangulo na sinayang ang anim na taong panunungkulan.
Tunay na dapat kilalanin sa kasalukuyan ang kabayanihan ng ka-birthday kong bayani na si Apolinario Mabini. Marahil, pagkatapos manuod ng mga kabataang nakasabay ko kanina ay nabigyang linaw ang papel ni Mabini sa kasaysayan at marahil, sa hinaharap, wala nang kabataang magtatanong kung bakit palaging nakaupo si Mabini.

**Pag-unawa sa Binasa**

Ipaliwanag ang ipinapahayag ng mga mahahalagang diyalogo mula sa dula batay sa bisa ng salita, pahiwatig at idyomatikong pahayag kaugnay sa kasaysayan at kasalukuyan.

| Mahahalagang Diyalogo | Kasaysayan | Kasalukuyan |
|---|---|---|
| "Mahirap Mag-isip Bilang Pilipino" | | |
| "Buhay pa ang himagsikan kaya maaga pa upang ipagdiwang ang kanyang kamatayan" | | |
| "Ang di nakamit sa dahas, daanin sa batas" | | |
| "Mahalin mo ang Pilipinas nang higit sa iyong sarili" | | |
| "Mapait na sumpa ang maging mangmang!" | | |

| | | |
|---|---|---|
| | Matapos mong mabasa ang sanaysay, nakumbinsi ka ba na talagang karapat-dapat panoorin at tangkilikin ang dulang musikal na “Mabining Mandirigma”? Ipaliwanag.<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________ | |
| **C. Paglalahat** | **Pabaong Gawain**<br><br>Basahin at unawain ang sumusunod na sanaysay tungkol sa talumpati ni Manuel L. Quezon tungkol sa Wikang pambansa:<br><br>**Wikang Pambansa**<br>Manuel L. Quezon<br>*Salin sa Filipino ng Talumpati niya sa San Juan de Letran*<br>*Intramuros, Manila, Ika-7 ng Nobyembre, 1937*<br>(Sinipi sa https://filipinolibrarian.blogspot.com/2009/08/talumpati-manuel-l-quezon-wikang.html )<br><br>Hindi ko nais na Kastila o Ingles ang maging wika ng Pamahalaan. Kailangan magkaroon ng sariling wika ang Pilipinas, isang wikang nakabatay sa isa sa mga katutubong wika.<br><br>Nagmula ang karamihan ng mga suliranin o pagkukulang na kasalukuyang nararanasan dito sa kawalan ng ating sariling wikang pambansa. Ang pagnanais gayahin ang lahat ng kilos banyaga kahit hindi alam kung ito'y mabuti o masama ay dahil sa isang kahinaan—ang kakulangan ng isang tunay na pambansang kamalayan. Hindi maaring magkaroon ng pambansang kamalayan kung saan walang wikang ginagamit ng lahat.<br><br>Naunawaan ko lamang kung gaano kahirap ang kakulangan ng wikang pambansa noong naging Pangulo ako. Ako ang Pangulo ng Pilipinas; ako ang kumakatawan sa bayang Pilipinas at sa mga Pilipino. Ngunit kapag ako'y naglalakbay sa mga lalawigan at kinakausap ang aking mga kapwa mamamayan, kailangan ko ng tagapagsalin. Nakakahiya, hindi ba? | |

| | | |
|---|---|---|
| | Sang-ayon ako sa patuloy na pagtuturo sa Ingles sa mga paaralan at itataguyod ko rin ang pagpapatuloy ng Kastila. Subalit dumating na ang panahon upang magkaroon tayo ng isang wikang pambansa. Ang suliranin ay gusto ng mga Ilokano na Ilokano ang wikang pambansa; ang mga Tagalog, Tagalog; ang mga Bisaya, Bisaya.<br><br>Ako ay Tagalog. Kung sasabihin ng mga dalubhasa sa iba't-ibang wikang Pilipino na Mangyan ang katutubong wikang pinakamainam gamitin, Mangyan ang tatangkilikin ko higit sa ibang wika. Tagalog ang ginagamit namin sa pamilya. Pero handa akong mag-aral ng Ilokano, Bisaya o anupamang ibang katutubong wika para lamang magkaroon tayo ng wikang ginagamit ng lahat.<br><br>**Mga Susing Tanong Kaugnay sa Binasa**<br><br>Matapos mong mabasa ang bahagi ng talumpati ni Manuel L. Quezon, umiiral pa rin ba sa kasalukuyan ang suliranin sa wika na kanyang binaggit? Patunayan ang sagot.<br><br>Paano naliarawan sa Tunay na Sampung Utos ang konteksto ng panahon, lunan, at may akda? Ipaliwanag. | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **A. Pagsusuri ng kultural na elemento (simbolo, wika, norms, pagpapahalaga, at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon**<br><br>Balikan isa-isa ang Tunay na Sampung Utos ni Apolinario Mabini. Sagutin nang buong husay ang mga sumisunod na katanungan.<br><br>1. **Una.** Ibigin mo ang Diyos at ang iyong puri ng lalo sa lahat ng bagay …ang paghahangad ng puri ang siya lamang makapipigil sa iyo sa pagbubulaan at makapipigil na huwag kang suminsay sa daan ng katuwiran at laging magtaglay ng kasipagan<br>Ano ang ibig sabihin ng **pagbubulaan** at paano nakikita kung **suminsay sa daan ng katuwiran** ang isang tao sa panahon ng mga Amerikano? Ipaliwanag. | **Ikalimang Araw**<br><br>Mga Posibleng Tuon ng Kasagutan<br><br>1. Ang pagbubulaan ay nangangahulugang pagsisinungaling. Galing ang salita sab ula o bubbles. Kung bula ang sinasabi mo, ito ay hindi totoo. Ang suminsay sa |

| | | |
|---|---|---|
| | ________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>2**. Ikatlo.** Dagdagan mong pilit ang talos ng isip at katutubong alam na ipinagkaloob ng Diyos sa iyo sa pamamagitan ng pag-aaral, at magsumakit ka ng ubos lakas sa gawang kinahihiligan ng iyong loob, …upang matipon sayo ang lalong maraming kagalingan at sa ganitong paraa'y makatulong ka sa ikasusulong ng lahat…<br><br>Anong pagpapahalaga at arketipo ang binigyang-diin ni Mabini sa nasabing utos?<br><br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>3**. Ikasiyam.** Ibigin mo ang kapwa mo tao kaparis ng pag-ibig mo sa iyong sarili, sa pagka't siya'y binigyan ng Diyos, at ikaw ay ganon din naman, ng katungkulang tulungan ka at huwag niyang gawin sa iyo ang di niya ibig na gawin mo sa kaniya; nguni't kapag ang kapwa mo tao ay nagkukulang dito …at pinagtatangkaang lipulin ang iyong buhay at kalayaan at pag-aari, ay dapat mo namang ibuwal at lipulin siya.<br><br>Aling bahagi sa Kartilya ng Katipunan ni Emilio Jacito ang maiuugnay sa utos na ito? Bakit?<br><br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________ | daan ng katwiran ay nangangahulugang naligaw ng landas o pumanig sa hindi makatarungan. Noong panahong iyon, ang pagkampi ng Pilipino sa dayuhan ay isang malaking pagtataksil.<br><br>2. Binibigyang-diin nito ang pagpapahalaga sa karunungan o sa edukasyon. Ang arketipong pinagtutuunan ng pansin ay ang paniniwalang "mas maraming alam, mas maraming maitutulong sa bayan".<br><br>3. Angkop ito sa Ika-12 sa Kartilya ng Katipunan: . *Ang di mo ibig na gawin sa asawa mo, anak at kapatid, ay huag mong gagawin sa asawa, anak, at kapatid ng iba.* Unibersal itong kautusan na makikita rin sa Kristiyanismo, Confucianismo at marami pang paniniwala sa mundo.<br><br>Maaaring mabasa ang Kartilya ng Katipunan sa [https://www.philippinemasonry.org/kartilya-ng-katipunan.html](https://www.philippinemasonry.org/kartilya-ng-katipunan.html) |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">4. Ikapito. Huwag mong kilalanin sa loob ng iyong bayan ang kapangyarihan ng sino mang tao na hindi inilagay ninyong magkakababayan, ...ang taong ituro at ihalal ng mga konsyensya ng sangkabayanan ang siya lamang makapagtataglay ng tunay na kapangyarihan.<br><br>Ano ang simbolismo ng salitang inilagay at anong norms o gawi sa gobyerno ang binibigyang-diin ng utos? Ipaliwanag.<br><br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br><br>B. Paglalagom<br><br>Bakit kasama ang salitang “tunay” sa mga utos na nilikha ni Mabini? Kung may tunay na utos, alin ang hindi tunay? Ipaliwanag.</td>
<td>4. Ang inilagay ay ang iniluklok sa puwesto o inihalal ng taumbayan. Ang gawi na binibigyang-diin s autos ay ang pagkilala sa desisyon ng nakararami sa pagsasabuhay ng demokrasya. Sa nakaraang halalan sa Pilipinas, dapat lamang na irespeto ng taumbayan ang desisyon ng 34 milyong bumoto kay Ferdinand Marcos Jr. At dahil marami ang naniniwala sa kanya, marami rin ang umaasang tunay na matatamo ang pagkakaisa at pag-unlad ng bansa.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="3">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="3">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |